Family Tax Benefit Part B (Benepisyong Kabayaran sa Pag-aalaga ng Bata Suplemento Bilang B)

Family Tax Benefit Part B—Filipino

Nagbibigay ng dagdag na tulong sa mga pamilya ng nagsosolong magulang at sa dalawahang magulang na pamilya na isa lamang ang kumikita na kung saan ang isang magulang ay nagpasiyang manatili sa bahay o balansehin ang suwelduhang trabaho at pag-aalaga ng kanilang mga anak.

Ang Family Tax Benefit Part B ay tinatasa batay sa sahod ng parehong primarya at sekundaryang kumikita. Ang karapat-dapat na nagsosolong mga magulang ay palaging nakakakuha ng pinakamataas na halaga ng kabayaran.

Kung pinili ninyong kunin ang inyong kabayaran tuwing ikalawang linggo, kailangan ninyong tantiyahin nang maaga ang kita ng inyong pamilya sa taong pinansiyal. Maaari din ninyong piliin na bayaran kayo ng buong-buong halaga para sa isang taon ng inyong Family Tax Benefit Part B. **Sa paghiling na bayaran ng taunan, maiiwasan ang mabayaran ng sobra.**

Sino ang makakakuha nito?

Kailangan kayo ay:

- Maging isang pamilya ng nagsosolong magulang kung saan ang kita ng magulang ay tumutugon sa pagsusuri ng sinasahod ng primaryang kumikita; o
- Maging isang pamilyang may dalawang magulang kung saan ang kita ng parehong mga magulang ay tumutugon sa mga pagsusuri ng sinasahod ng primaryang kumikita; at
- nagbibigay ng 35 porsiyento o mahigit pa na oras ng pangangalaga sa isang umaasang anak; **at**
- tumutugon sa mga pangangailan ng pagiging residente ng Australia para sa mga layunin ng tulong pampamilya.
- Kung ikaw ay nakikibahagi sa pangangalaga ng iyong anak, sa pagitan ng 35 at 65 porsiyento ng oras, ikaw ay maaaring maging karapat-dapat na tumanggap ng bahagi ng kabayarang Family Tax Benefit Part B.

Kung kayo ay magkatuwang na nag-aalaga ng inyong anak, maaari kayong bigyan ng Family Tax Benefit Part B habang ang bata ay nasa inyong pangangalaga.

Magkano ang aking makukuha?

Ang lahat ng halaga ng kabayaran ay angkop sa kasalukuyan sa petsang 01/072008.

Ang pinakamalaking halaga ng Family Tax Benefit Part B ay ang sumusunod:

Edad ng pinakabatang anak	Bawat ikalawang linggo	Bawat taon (kasama ang suplemento)
Wala pang 5 taon	$128.80	$3,693.80
5-15 taon (o 16-18 taon kung nag-aaral ng buo ang oras)	$89.74	$2,675.45

Ano ang mga Test sa Kita?

Ang pagsusuri ng kita na nasa halagang $150,000 o mas mababa bawat taon para sa primaryang kumikita ay magiging angkop para sa mga pamilya ng nagsosolong magulang at mag-asawa o magkapartner. Ang mga pamilya ng nagsosolong magulang ay palaging nakakakuha ng pinakamataas na halaga ng kabayarang Family Tax Benefit Part B kung ang kanilang kita ay mababa sa hangganan ng kita ng primaryang kumikita.

Sa mga pamilya ng mag-asawa o magkapartner, magiging angkop ang pagsusuri ng kita ng sekundaryang kumikita kung saan ang kita ng primaryang kumikita ay nasa halagang $150,000 o mas mababa bawat taon. Ang sekundaryang kumikita ay maaring kumita ng halagang $4,526 bawat taon at makatatanggap pa rin ng pinakamataas na kabayarang Family Tax Benefit Part B. Kung ang sahod ng sekundaryang kumikita ay mataas sa halagang $4,526 bawat taon, ang mga kabayaran ay babawasan ng 20 sentimo para sa bawat karagdagang dolyar ng kita.

We speak your language ✆ 13 1202

www.familyassist.gov.au

Australian Government
Family Assistance Office

Ang karapat-dapat na mga magulang ay tatanggap ng ilang kabayarang Family Tax Benefit Part B kung ang sahod ng kumikita ng mas mababa ay mababa sa:

- halagang $22,995 bawat taon kung ang pinakabatang anak ay mababa sa 5 taon ang edad o
- halagang $17,904 bawat taon kung ang pinakabatang anak ay nasa pagitan ng 5 taon at 18 taon ang edad

Ano ang Family Tax Benefit Part B Supplement (Benepisyong Kabayaran sa Pag-aalaga ng Bata Suplemento Bilang B)?

Ito ay ang pagtaas sa taunang halaga ng kabayarang Family Tax Benefit Part B na aabot sa halagang $335.80 para sa bawat pamilya. Ito ay ibabayad matapos ang pinansyal na taon kapag ikaw at ang iyong kapartner ay naglagak ng inyong mga tax return. Kontakin ang Tanggapan ng Tulong Pampamilya kung ikaw at ang iyong kapartner ay hindi kailangang maglagak ng mga tax return. Ang Suplemento ng Family Tax Benefit Part B ay ginagamit upang mapagaan ang mga umiiral na sobrang mga kabayaran kung saan ang mga pamilya ay nabayaran nang sobra.

Mga magulang na bumabalik sa trabaho

Mula sa 1 Hulyo 2005, ang mga magulang na babalik sa trabaho makaraan ang pagsilang ng anak ay maaaring bigyan ng Family Tax Benefit Part B para sa taong pinansiyal bago bumalik sa trabaho. Kung kayo o ang inyong kapartner ay bumalik na sa trabaho makaraan ang panganganak, kailangang sabihin ito sa Family Assistance Office.

Para sa dagdag an impormasyon:

- Tumawag sa Family Assistance Office (Tanggapan ng Tulong sa Pamilya) sa 13 1202 sa pagitan ng 8.00n.u. at 5.00n.h. (EST) Lunes hanggang Biyernes para sa impormasyon sa wikang Filipino.
- Bisitahin ang website sa **www.familyassist.gov.au**
- Bisitahin ang iyong pinakamalapit na Tanggapan ng Tulong Pampamilya na matatagpuan sa mga tanggapan ng Medicare Australia, mga Sentro ng Serbisyong Pangkostumer ng Centrelink at mga shopfront ng Tanggapan ng Pagbubuwis sa Australia.